


Valley Transportation Authority

# TALAAN NG IMPORMASYON: Real Estate

## Ang Transit-Oriented Development sa lugar ng 28th Street/Little Portugal

### Pangkalahatang Ideya

Ang Transit-Oriented Development ng 28th Street/Little Portugal ay magiging isang 10-ektaryang lupa na nakapaligid sa magiging 28th Street/Little Portugal BART Station (ang una sa apat na istasyon sa Phase II expansion ng BART Silicon Valley). Matatagpuan ang site sa N. 28th Street sa pagitan ng E. St. James at Five Wounds Lane at nasa lumang right-of-way ng Union Pacific sa pagitan ng E. Santa Clara Street at E. Julian Street. Magiging pag-aari ng VTA ang property na ito.

Ang lugar na ito ay may potensiyal na maging isang masiglang mixed-usenakomunidad na nakatuon sa transit o transit-oriented community (TOC) na may masiglang ground floor na nagpapadami ng sumasakay sa transit, nagpapaunlad ng komunidad, tumutulong sa pagbibigay ng pondo mula sa buwis para sa mga pamumuhunan ng kapital at mga pagpapatakbo ng transit at nagtataguyod ng pangangalaga sa kapaligiran.

Nakatuon ang transit-oriented developments (TOD) sa pagpapalago sa paligid ng mga istasyon ng transit at sa mga koridor ng transit upang mapadali ang pagkakaroon ng mga komunidad na may maraming opsyon ng transportasyon, carbon-neutral, patas, at kasali ang lahat ng sektor ng lipunan, na sustainable at matatag. Nag-aalok ang mga komunidad na ito ng madaling access sa iba't ibang mga pagpipilian na trabaho, pabahay, recreation, edukasyon, kultura, at mga serbisyo na nakasalalay sa transit. Nagbibigay sila ng mga lugar para sa mga tao na iba't iba ang edad at pinagmulan upang ma-access ang mga pangunahing pangangailangan sa araw-araw na buhay na madaling maabot sa pamamagitan ng maikling lakad, pagbibisikleta, o biyahe sa transit. Ang lahat ng kapitbahay ay maaaring matuto, mamuhay, magtrabaho, maglaro, at kumonekta sa isang TOC.

Matatagpuan ang site ng proyekto sa Five Wounds Urban Village Plan sa loob ng Lungsod ng San Jose, na ina-update hanggang 2024 at magkakaroon ng impluwensya sa anumang pagpapaunlad.

### Transit-Oriented Development

Nakikipagtulungan ang Transit-Oriented Development Program ng VTA sa munisipyo, sa mga non-profit at pribadong kapatner upang magbigay ng suporta sa pagpapaunlad ng mixed-use at patas na residensyal na patas at mga sentrong pangkomersyo, serbisyo, at trabaho sa mga lugar na makatutulong sa pagdami ng pasahero sa transit at mag-aambag sa sigla ng komunidad. Kabilang sa mga kinakailangan ng TOC Policy ng VTA ay ang hindi bababa sa 25% ng mga housing unit na ma-develop sa bawat lugar at dapat na abot-kaya ang halaga.

Sinisikap din ng programa na labanan ang pagkawala ng pwesto ng komunidad sa pamamagitan ng patiunang pag-alam ng pagbabago sa komunidad at pagpapatupad ng mga estratehiya na nagbibigay ng mas madaming oportunidad na panlipunan at pang-ekonomiya para sa lahat ng kasalukuyang residente at magiging residente sa hinaharap.

### Gabay sa Pagpapaunlad




*Mag bigay pansin ang ibat ibang kultura at tugunan ang mga pagkakaiba-iba.*



*Gaganyak ng bagong development na may pangkabuhayan at matagumpay at nakaangkla sa lugar na iyon*



*Gagawin na ang paglalakad, pagbibisikleta, at pagsakay a transit bilang mas pinipiling paraan ng mobility*



Kabilang sa mga pantay na estratehiya ng TOD ang pagbibigay ng maraming opyson na pabahay at abot-kayang presyo para sa mga manggagawa at residente; mga espasyo para sa komersyo at retail na sumusuporta sa lokal na negosyo at trabahong may sapat na suweldo; lokal na sining at kultura; mga pagpipilian ng pinahusay na mobility at mga first and last mile nakoneksyon na isinama sa ligtas at nasa distansyang nalalakad na mga komunidad.

## Pagdisenyo ng Balangkas ng Pagpapaunlad

Ang VTA ay kasalukuyang nakikipagtulungan sa isang urban design firm upang lumikha at magsagawa ng outreach para sa isang Design Development Framework (DDF) na magiging gabay sa vision ng mga panukalang pagpapaunlad sa hinaharap sa lugar na ito. Gagamitin ng VTA at mga stakeholder ang pinal na DDF upang suriin ang mga panimula at kasunod na panukala ng mga developer at mga disenyo para sa mga transit-oriented development sa property na pag-aari ng VTA. Magtutulungan ang DDF at ang Urban Village ng Lungsod sa pag-update upang itaguyod ang patas at inklusibong mga transit-oriented development sa lugar ng istasyon.

## Mga Layunin

- Ihanda ang site para sa transit-oriented development sa hinaharap, na pasisimulan sa pakikiisa ng komunidad
- Ipadami ang pagpapaunlad, kasama na ang mga abot-kayang oportunidad sa pabahay malapit sa pampublikong transportasyon.
- Magtaguyod ng urban design na nagpapabuti sa kakayahan ng mga tao na maglakad, mag-bisikleta, at makakonekta sa transit.
- Suportahan ang pangmatagalang kita para sa operasyon ng transit

## Mga Resulta

- Pabahay malapit sa mga istasyon ng transit na naglilingkod sa mga sambahayan na may iba't ibang antas ng kita, na makakatulong sa pagtugon sa krisis sa pabahay sa rehiyon
- Pagtaas ng gumagami sa transit at pagbawas ng pagkaumaasa sa kotse, na tumutulong sa pagpapagaan ng trapiko
- Nagpapabuti sa pakikipagsabayang pang-ekonomiya – Kaakit-akit sa mga employer at konsyumer ang mga lokasyon ng TOD
- Mga benepisyo sa komunidad at pananalapi – Ang TOD ay maaaring lumikha ng malaking katipiran sa panahon at pera para sa mga kalapit na mga sambahayan sa kumbinyente at maaasahang transit

## Iskedyul ng Proyekto/Pagpapaunlad

Sinisikap ng VTA na mag-develop ng vision sa pakikipagtulungan sa komunidad. Walang kasalukuyang iminumungkahing espesipikong proyekto sa lokasyong ito.

## Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

Community Outreach ng VTA:
(408) 321-7575, (408) 321-2330 TTY
vta.org/28LPDevelopment
community.outreach@vta.org

